



Isinasagawa ang mga pagsusuri ng laboratoryo sa mga sampol ng mga likido o tisyu sa katawan upang matutunan pa ang tungkol sa kung paano gumagana ang katawan. Maraming pagsusuri ng laboratoryo ang isinasagawa gamit ang kaunting sampol ng dugo na kinuha mula sa ugat na nasa braso mo. Isinasagawa ang ilang pagsusuri sa urine (ihi), stool (dumi), sputum (laway o plema), o bahagi ng tumor. Ang iba pang mga pangalan na maaaring narinig mong ginagamit sa mga pagsusuri ng laboratoryo ay kinabibilangan ng pagkuha ng dugo, pagkuha ng laboratoryo, o phlebotomy.

Bago ang iyong appointment

Kadalasan ay wala kang kailangang dapat gawin para paghandaan ang pagsusuri ng dugo. Itanong kung kailangan mong tumigil sa pagkain, pag-inom, o pag-inom ng anumang mga gamot bago ang iyong appointment.

Kumpletong bilang ng dugo (CBC)

Ang isa sa mga pinakakaraniwang pagsusuri sa laboratoryo ay ang kumpletong bilang ng dugo, o CBC. Tinitingnan ng CBC ang iyong mga blood cell: mga red blood cell, white blood cell, at platelets.

Basic o kumpletong metabolic panel (BMP o CMP)

Sinusuri ng chemistry panel ang ilang substansya sa iyong dugo upang makita kung paano gumagana ang mga organo tulad ng iyong atay at mga bato. Sinusukat din nito ang electrolytes sa iyong dugo, tulad ng sodium, potassium, at calcium.

Hepatic panel

Ipinapakita sa mga liver function test (mga LFT, pagsusuri sa paggana ng atay) kung gaano kahusay na gumagana ang iyong atay. Tumutulong ang atay na alisin ang mga toxin, tinutunaw ang mga gamot, at nakikibahagi sa pamumuo ng dugo. Ang ilang paggamot sa cancer ay maaaring makasira sa atay.

Mga salitang dapat malaman

Anemia: Mababang bilang ng mga red blood cell (RBC) at mababang hemoglobin (HGB)

Culture: Pagsusuring isinagawa sa likido o tisyu upang makita kung may lumalaking bakterya rito o iba pang uri ng mikrobyo

Nadir: Ang panahon kung saan ang mga bilang ng dugo ay nasa pinakamababa pagkatapos ng paggamot sa cancer (kadalasan ay chemo)

Negatibo: Resulta ng pagsusuri sa laboratoryo na hindi nahanap ang kondisyong sinuri (normal)

Neutropenia: Mababang bilang ng neutrophils, ang pinakakaraniwang white blood cell (WBC)

Pancytopenia: Pagkakaroon ng mabababang red blood cell (anemia), mababang neutrophils (neutropenia), at mababang platelets (thrombocytopenia) sa parehong pagkakataon

Positibo: Resulta ng pagsusuri sa laboratoryo na nahanap ang kondisyong sinuri (abnormal)

Thrombocytopenia: Mababang bilang ng platelets (PLT)

Coagulation panel

Ang mga ito ay iba't ibang pagsusuri upang makita kung gaano kahusay namumuo ang iyong dugo o ang iyong panganib na dumugo. Maraming paggamot sa cancer ang nakakaapekto sa dugo at maaaring magdulot ng mga problema sa pagdurugo o mga pamumuo ng dugo.

Mga culture

Ang mga culture ay mga pagsusuri ng laboratoryo sa likidong nasa katawan (tulad ng dugo, ihi, o dumi) na tumitingin sa bakteryang o iba pang mga mikribyo. Dahil mabilis na lumulubha ang mga impeksyon sa mga taong may cancer, ang paggamot ay paminsan-minsang nagsisimula bago bumalik ang mga resulta sa laboratoryo.

Ano ang normal?

Ang normal na saklaw para sa mga pagsusuri ng laboratoryo ay maaaring medyo naiiba depende sa laboratoryo. Ang "normal" ay maaari ring magdepende sa uri ng cancer at paggamot na nakukuha mo. Ang normal na saklaw para sa bawat pagsusuri ay kadalasang kasama sa iyong ulat sa laboratoryo, kasunod ng resulta ng iyong pagsusuri.

Pagkuha ng mga resulta ng iyong pagsusuri sa laboratoryo

Ang mga tao sa Estados Unidos ay kailangang mabigyan ng mga resulta ng pagsusuri sa oras na makumpleto ang

mga ito. Ito ay nangangahulugan na maaaring makita mo ang mga resulta ng iyong pagsusuri bago makita ng iyong doktor.

Kung may nakita kang mga resultang nakakalito o abnormal, maaari kang magka-stress o mag-alala. Maaari mo ring matutunan ang tungkol sa bagong diagnosis nang walang sinuman naroon na susuporta sa iyo o sasagot sa iyong mga katanungan. Ang pakikipag-usap sa doktor na nag-o-order ng mga pagsusuri nang maaga ay makakatulong sa pagpapababa ng stress tungkol sa pagkuha ng mga resulta.

Maaaring kailanganin mo ring itanong kung:

- Anong mga resulta ang inaasahan ng doktor
- Saan at kailan mo maaaring makuha ang mga resulta
- Ano ang kahulugan para sa iyo ng normal o hindi normal na resulta
- Kailan ay paano makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong doktor upang pag-usapan ang tungkol sa iyong mga resulta
- Sino ang tatawagan kung una mong nakita ang mga resulta at may mga alalahanin o katanungan



To learn more, visit the American Cancer Society website at cancer.org or call us at **1-800-227-2345**. We're here when you need us.



cancer.org | 1.800.227.2345

©2024, American Cancer Society, Inc.
No. TAG088311 Rev. 9/24

